



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 15, 2025, LUNES, IKA-09:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN

PANG. PUNONG BAYAN

Tagapangulo

Kagalang-galang Norman T. Tolentino

Kagawad

Kagalang-galang Lea A. Almarvez

Kagawad

Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat

Kagawad

Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr.

Kagawad

Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw

Kagawad

Kagalang-galang Louie C. De Leon

Kagawad

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban

Kagawad

Kagalang-galang Jericho V. Asinas


Kagawad

Kagalang-galang Laura P. Obligacion

Kagawad/ABC Federation President

Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco

Kagawad/SK Federation President



KGG. ESMEERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.

KGG. RIZALDY N. KALAW

KAPASIYAHAN BLG. 333-T2025

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ALITUNTUNING PANLOOB NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA TAONG 2025-2028.

SPONSOR: HON. ROSELON F. PAMATMAT

SAPAGKA'T, ayon sa Seksyon 50 (a) ng Ang Kodigo ng Lokal na Pamamahala ng 1991, "Sa kauna-unahang regular na sesyon, makaraang mahalal ang mga kagawad nito. ang kinauukulang sanggunian ay magpapatibay o gagawing napapanahon ang mga umiiral na alituntunin sa pamamalakad:

SAPAGKA'T, nakapaloob sa naturang alituntunin ang pagbubuo ng mga lupon ng sanggunian at paghahalal ng mga pinuno nito, kalendaryo ng mga gawain sa sesyon, paggawa ng batas, pamamaraang parlamentaryo, pagdidisiplina ng mga Kagawad at iba na maaaring pagtibayin ayon sa hinihingi ng batas;

SAPAGKA'T, magiging gabay ito para sa maayos na pagganap sa tungkulin sa pagsasabatas.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat (Tagapamuno ng Lupon sa Alituntunin at Pribilehiyo), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Rizaldy N. Kalaw at Kgg. Norman T. Tolentino at s pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHANG: Pagtibayin at kupkupon ang Alituntuning Panloob ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan sa kabuuan nito gaya ng mga sumusunod:

ALITUNTUNIN BLG. I
PANIMULA/PAUNANG SALITA

SEKSYON 1 - Bilang panimula ay buong pagkakaisang tinanggap pinagtibay at nilagdaan ng lahat nang mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ang sumusunod:

PAGPAPAHAYAG NG PANININDIGAN

Kami, mga bumubuo ng SANGGUNIANG BAYAN ng bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna sa tawag ng paglilingkurang bayan at bilang pagtugon sa isang matapat na pagtalima sa aming mga tungkulin at bilang pagpapahalaga sa pagtitiwalang ipinagkaloob sa amin ng mga mamamayan na siyang nagluklok sa aming kasalukuyang katungkulan, ay buong katapatang naninindigan at nagkakaisa sa marangal at banal na panata, na tulad ng mga sumusunod

Na, bilang namumuno sa bayang ito ay batid namin na ang aming pangunahing tungkulin ay ang paglingkuran ang sambayanan;

Na, igagalang at ipagsasanggalang namin ang mga angking karapatan ng mga mamamayan, sa pagkakapantay-pantay, kalagayan at katarungan:

Na, iingat namin ang aming mga pangalan at iiwasang magkabatik ito, gayundin naman ang aming pagkatao, puri't karangalan upang maging ulirang halimbawa sa lahat:

Na, ikintal namin sa aming mga sarili ang katapatan sa isip, sa salita at sa gawa, maging sa katatayang opisyal at/o pansarili;

KGG. LOUIE C. DE LEON



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

Na, kami'y magiging huwaran sa lahat, sa pagsunod at pagtalima sa mga batas na pinairal ng ating Pamahalaan;

Na, hindi namin papayagan sa aming sarili na mangibabaw ang aming pansariling hangarin, matinding poot o pagkamuhi, isang magandang pagsasamahan o pakikipagkaibigan at ugnayang pagkaka-anak-anak sa aming pagpapasiya.

Na, bilang mga kasapi ng Sangguniang Bayan hindi kami mamamagitan sa mga pakiki-usap, pakikipagkasundo, pag-aareglo o pag-aayos ng mga usaping may kinalaman o kinasasangkutan ng mga taong labag sa batas, maliban na lamang kung kami ay bigyan pahintulot ng batas at magiging masigasig kami sa paglulutas at pakikipagbato sa anupamang mga transaksyong "illegal" na makapagpapababa sa moralidad ng tao at ng sambayanan.

Na, kami'y naniniwala, na bilang mga halal at itinalagang mga pinuno ng bayan ay kaakibat naming ang pangalan ng Sangguniang Bayan sa kabuuan at, hindi namin hahayaang masira ang magandang pangalan nito at kailanma'y hindi papayagang makapangyari ang pagkakahiwalay o ang tuluyang pagkawatak nito.

Kung kaya't, bilang pagpapahayag ng aming katapatan at bilang sagisag ng aming pagpapahalaga sa marangal na Sangguniang ito ay tinatanggap namin ang isang pambayang pananagutan na aming pagyayamanin ng walang halong pag-iimbot o hangaring umiwas.

KASIHAN NAWA KAMI NG PANGINOONG DIYOS.

ALITUNTUNIN BLG. II

ANG SANGGUNIANG BAYAN AT ANG MGA BUMUBUO NITO

SEKSYON 1 - Ang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna ay bubuuin ng Pangalawang Punong Bayan bilang Tagapangulo, walong (8) halal na Kagawad, Pangulo ng Pambayang Kalipunan ng mga Liga ng Barangay, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan at iba pang mga kinatawan ng mga sektor ng mamamayan na itatalaga ng Batas.

SEKSYON 2 - Ang termino ng panunungkulan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ay nagsisimula sa ika-12:00 ng tanghali ng ika-30 ng Hunyo at matapos na sila ay makapanumpa sa kanilang tungkulin, ay natatapos sa petsang sadyang itinatadhana ng Batas.

SEKSYON 3 - Ang pagpapatibay sa katungkulan ng bawat isang kasapi ng sangguniang ito ay kinakailangang lakipan ng Panunumpa sa Tungkulin na ilalagak at iingatan sa Tanggapan ng Pinunong Pantauhan.

ALITUNTUNIN BLG. III

KAPANGYARIHAN, KATUNGKULAN AT GAWAIN NG SANGGUNIAN

SEKSYON 1 - Ang kapangyarihan, katungkulan at gawain ng sangguniang ito ay ibabatay sa itinatagubilin sa Art. 100 Alituntunin Blg. XVII at Artikulo III Seksyon 447 ng ipinatutupad na Alituntunin at Patakaran ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.

ALITUNTUNIN BLG. IV

KATUNGKULAN AT PANANAGUTAN NG BAWAT KASAPI NG SANGGUNIAN

SEKSYON 1 - Ang lahat at bawat isang kasapi ng sangguniang ito, sa sandaling manungkulan, ay dapat magpahayag nang buo ng kanyang negosyo at pampananalaping kapakanan gaya ng itinatagubilin sa Art. 104, Alituntunin Blg. XVII ng ipinatutupad na Alituntunin at Patakaran ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.

SEKSYON 2 - Ang dangal, karangalan at dignidad ay dapat isaisip at ipamalas sa salita at sa gawa ng lahat ng kasapi sa lahat ng oras.

SEKSYON 3 - Ang lahat ng kasapi ay kinakailangang naroroon sa Bulwagang Pulungan o lugar na itinakda sa oras ng pagpupulong ng sanggunian maliban na lamang kung nasa lakad opisyal, may karamdaman, o mga pangyayaring hindi maiiwasan, sa pasubali na mayroong paunang pasabi sa Tagapangulo o Kalihim bago sumapit ang takdang oras ng pulong.

(**Lakad Opisyal** - Mga lakad na may kaugnayan sa gawain ng Sangguniang Bayan. Kung may imbitasyon o paanyaya ay dapat ay naka-address sa Sangguniang Bayan o sa Kagawad at may kaukulang pahintulot ng Pang. Punong Bayan at ng Punong Bayan ang pagdalo sa paanyaya. Dapat kasabay ang paanyaya sa pulong ng Sangguniang Bayan. Karaniwan o Di-Karaniwan, ang prayoridad ay dapat na sa pulong ng Sangguniang Bayan ang pagdalo, maliban kung ang lakad ay sa pagdalo ng "seminar o workshop".)



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 4 - Ang lahat ng mga kagawad na dumalo ay kinakailangang makilahok sa mga talakayan bilang paggamit ng kanilang kapangyarihan ipinagkaloob ng batas at bilang pagtupad sa tungkuling nakaatang sa kanila at sa Sangguniian na kanilang kinakatawan, sa kagalingan ng mga mamamayan ng buong bayan.

ALITUNTUNIN BLG. V ANG TAGAPANGULO

SEKSYON 1 - Ang kagalang-galang na Pang. Punong Bayan ang siyang gaganap na Tagapangulo sa lahat ng pagpupulong ng Sangguniian, at siya ay magtataglay ng mga kapangyarihan at katungkulan gaya ng mga sumusunod:

- Mamumuno at magpapalakad sa lahat ng pagpupulong ng Sangguniang ito.
- Ipatupad ang Alituntuning Panloob ng Sangguniang ito.
- Pamalagiin ang katahimikan at hingin sa lahat ng mga naroroon ang paggalang, gumawa ng mga hakbang upang masagkaan ang anumang kaguluhan at walang kaayusan at maaari niyang paalisin ang sinumang tao na naroroon sa pagpupulong na lumihis sa tama at magandang asal.
- Magpasya sa anumang mga katanungan o mungkahi ayon sa kaayusan ng pagpupulong.
- Lagdaan ang lahat ng Kautusan, Kapasiyahan, iba pang mga papeles o tseke na nangangailangan ng kanyang lagda.
- Magpahayag ng sandaling-tigil at pagpupulong sa anumang oras na inaakala niyang kailangan
- Ipahayag na tinindig na ang pulong at ipagpaliban ito sa ibang oras, araw at lugar kung sumapit ang mga pagkakataong hindi masawata ang kawalang kaayusan, biglaang mahigpit na pangyayari at iba pang hindi maiiwasang pagkakataon
- Aalalay upang matapos ng Sangguniian ang anumang pinagtatalakayan nito, kung kaya't siya ay makapagbibigay ng karapatan na makapagbigay hinggil sa paksang tinatalakay o pinagtatalunan, subalit hindi siya dapat na tahasang magpahayag kung sang-ayon o hindi sa anumang paksa.
- Makaboboto lamang kung magkasing-dami (patas) ang bilang ng sang-ayon at di-sang-ayon.
- Ipaubaya ang kanyang pagka-Tagapangulo sa sinumang inihalal ng higit na nakararaming kagawad bilang Pansamantalang Tagapangulo kung siya ay hindi makadalo o siya ay lalabas ng bulwagang pulungan sa makatarungang dahilan.
- Ang Tagapangulo ay pinahihintulutan na hindi magpatibay ng katitikan ng karaniwang pulong o di karaniwang pulong na kung hindi siya ang gumanap na Tagapangulo.
- Gumamit ng iba pang kapangyarihan at gumanap sa iba pang tungkulin ayon sa itinatadhana ng batas.

ALITUNTUNIN BLG. VI ANG PANSAMANTALANG TAGAPANGULO NG SANGGUNIAN

SEKSYON 1 - Sa sandaling ang Tagapangulo ay hindi makadadalo, sa anumang dahilan, sa panahong isinasagawa ang Karaniwan o Di-Karaniwang Pulong, ang mga kagawad na naroroon na bumubuo ng korum ay maghahalal ng isang Pansamantalang Tagapangulo.

SEKSYON 2 - Sa sandaling ang Tagapangulo ay lalabas at hindi na babalik, magkakaroon ng paghahalal para sa isang Pansamantalang Tagapangulo.

SEKSYON 3 - Ang Pansamantalang Tagapangulo ay magtataglay ng kapangyarihan, tungkulin at gawain ng isang Tagapangulo.

SEKSYON 4 - Patutunayan ng Pansamantalang Tagapangulo sa nilolooban ng sampung (10) araw ang lahat ng mga kapasiyahan at kautusan na ipinasa at isinagawa, gayon din ang katitikan sa nasabing pagpupulong.

ALITUNTUNIN BLG. VII ANG KALIHIM

SEKSYON 1 - Ang Kalihim ng Sangguniang Bayan ay tatalaga sang-ayon sa Batas, Alituntunin at Patakaran ng Serbisyo Sibil.

SEKSYON 2 - Ang Kalihim ng Sangguniang Bayan ay magtataglay ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

SANGGUNIAN BAYAN OFFICE



- Tawagan ng pansin ang mga kagawad at lahat ng naroroon sa bulwagang pulungan na magsisimula na ang pulong.
- Dumalo sa lahat ng pagpupulong ng sanggunian at ng mga lupon nito at isagawa at mag-ingat ng isang tala-arawan ng mga katitikan ng mga pagpupulong nito.
- Ingatan ang selyo ng Sangguniang Bayan at itatak ito, kasama na ang kanyang lagda, bilang pagpapatunay sa lahat ng kautusan, kapasiyahan at iba pang opisyal na dokumento na isinagawa ng sanggunian at ihain ito sa Tagapangulo para lagdaan ng Tagapangulo.
- Magsumite sa Punong Bayan ng lahat ng kautusan at kapasiyahan isinagawa ng Sanggunian at pinatunayan ng Tagapangulo upang mabigyan ng Punong Bayan ng marapat na pagpapatibay o "beto" sa pamamaraang itinakda sa Seksyon 54 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.
- Magsumite sa Kgg. Sangguniang Panlalawigan ng mga sipi ng pinagtibay na mga kautusan, sa pamamaraang itinakda sa mga Seksyon 56 at 57 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.
- Bibigyan, sa kahilingan ng sinumang interesadong panig, ng mga pinatunayang sipi ng talaan ng pampublikong tala na nasa kanyang pag-iingat, sa sandalling mabayaran sa Ingit-Yaman ang butaw na itinakda ng kautusan.
- Magtatala sa aklat na nakalaan para sa layunin nito, ng lahat ng mga kautusan at kapasiyahan na isinabatas o pinagtibay ng Sanggunian na may mga petsa ng pagkakasabatas at pagkakalathala nito.
- Panatilihin ang kanyang tanggapan na nakabukas sa madla sa panahon ng karaniwang oras ng trabaho maliban sa mga sensitibong bagay at dokumento.
- Isasalin kaagad sa wika na ginagamit ng nakararaming mga naninirahan ang lahat ng mga kautusan at kapasiyahan matapos itong pagtibayin, at ipatatala ang mga ito kasama ang orihinal na wikang ginamit sa pamamaraang itinakda sa ilalim ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.
- Pangalagaan ang arkibang lokal (at kung maaari ay ang Aklatan ng Sangguniang Bayan) at tauhang mananagutan para sa mga ito.
- Magpaskel ng mga sipi ng Kautusang Bayan na pinagtibay at mga kapasiyahan (kung kinakailangan) sa mga hayag na lugar, sa may pasukan ng Pamahalaang Bayan at Pamilihang Bayan.
- Magpadala ng paanyaya o pasabi sa lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan dalawang (2) araw bago sumapit sa iba pang tungkulin at magtaglay ng iba pang mga kapangyarihan sang-ayon sa itinadhana ng batas.

SEKSYON 3 - Ang kalihim ay gaganap ng iba pang tungkulin na iaatas sa kanya ng Pangalawang Punong Bayan o ng Sangguniang Bayan na hindi lihis sa batas.

**ALITUNTUNIN BLG. VIII
ANG PUNONG HAPAG**

SEKSYON 1 - Ang Tagapangulo ay magtatalaga sa mapipiling Punong Hapag mula sa mayorya, kung saan siya ang magpapadaloy sa maayos na pagpapatakbo sa pagtalakay ng mga usapin sa hapag.

SEKSYON 2 - Siya ang makakaalam ng pagkaka-sunud-sunod ng mga paksang tatalakayin.

SEKSYON 3 - Siya ang babasa sa mga panukala at mga pahatid sulat para sa unang pagbasa bago ito iliwat ng Tagapangulo sa kinauukulang lupon.

**ALITUNTUNIN BLG. IX
MGA PAGPUPULONG**

SEKSYON 1 - Ang Kgg. Sangguniang Bayan ay magdaraos ng Karaniwang Pulong isang beses sa nilolooban ng isang linggo at ito'y itinakda tuwing araw ng Lunes na ganap na ika- 9:00 ng umaga sa Batasang Bayan o saan mang lugar o barangay na nasasakupan ng bayang ito.

SEKSYON 2 - Kung ang itinakdang araw ng Karaniwang Pulong ay mapapatapat sa Pista- Opisyal, batay sa pasiya ng higit na nakararaming bilang ng mga kagawad, ang Karaniwang Pulong ay maaaring itakda sa anumang oras at araw bago dumating o makatapos ang nasabing Pista-Opisyal.

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIAN BAYAN OFFICE

SEKSYON 3 - Di-Karaniwang Pulong: Ang Di-Karaniwang Pulong ay maaaring ipatawag ng Kgg. Punong Bayan, Tagapangulo o ng higit na nakararaming bilang ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan sa anumang makatarungang oras, araw at lugar.

SEKSYON 4 - Ang mga paksang nakapaloob lamang sa paanyaya o pabatid ang maaaring talakayin sa Di-karaniwang pulong maliban kung nagkakaisa ang dalawang-katlo (2/3) na boto ng mga kagawad na dumalo sa pulong na may korum.

SEKSYON 5 - Isang nakasulat na paanyaya o pabatid sa alinmang pulong ang kinakailangang maipadala sa lahat ng kagawad dalawang (2) araw bago sumapit ang takdang araw ng pagpupulong at ito'y magtataglay ng araw, oras, lugar na pagdarausan, dahilan at mga paksang tatalakayin. Ang pabatid ay ipa-aabot ng personal sa bawat isang kagawad o dili kaya'y sa kanyang kaanak na kasama sa kanyang tahanan.

SEKSYON 6 - Ang pagpupulong ng Karaniwan, Di-Karaniwan o Pulong ng Lupon ay isasagawa lamang kung may korum.

SEKSYON 7 - Hindi maaaring magkaroon ng hihigit sa isang pulong, maging ito man ay Pangkaraniwan o Di-Pangkaraniwan, sa niloloban ng isang araw.

SEKSYON 8 - Maaaring magdaos ng itinindig na pulong (Adjourned Session):

- Sa pangunguna ng Tagapangulo na gamitin ang "assumed motion" o ng higit na nakararaming kagawad na dumalo kahit walang korum, ay magpasiya na itindig ang pulong oras-oras o araw-araw at piliting dumalo ang mga kagawad na wala upang magkaroon ng korum.
- Sa pamamagitan ng kapasiyahan ng nakakaraming kagawad na dumalo sa anumang Pangkaraniwan o Di-Pangkaraniwang pulong na may korum, upang tapusin ang mahalagang paksa na nangangailangan ng dagilang pagpapasiya.

SEKSYON 9 - Ang pagpupulong ay bukas sa madla sa pamamagitan ng Live Streaming, maliban sa pulong na may kaugnayan sa pagdinig ng Kasong Administratibo at sa pagpapasiya ng higit ng nakararaming kagawad na dumalo, at sa kadahilanan na ang paksang tatalakayin ay may kaselanan, ay maaaring ganapin ito sa isang saradong-silid (closed-door session).

- Live streaming of the Regular Sessions, Committee Meetings and Public Hearings of the Sangguniang Bayan of Santa Cruz, Laguna through Appropriate Digital Platform through Facebook: Live to afford Public Awareness and Municipality's Transparency on matters of Public Concern.

SEKSYON 10 - Wikang Gagamitin: Ang gagamiting wika sa pagpupulong ay Wikang Filipino, subalit ang sinumang Kagawad ay maaaring gumamit ng Wikang Ingles kung mayroong mga panauhin mula sa ibang bansa at kung sa kanilang palagay ay higit nilang maipaliwanag ang kanilang nais ipahayag, ngunit ang diwa o buod nito ay maaaring isa-Pilipino ng Kalihim sa paggawa ng mga katitikan.

ALITUNTUNIN BLG. X KASUOTAN SA MGA PAGPUPULONG

SEKSYON 1 - Ang kasuotan sa lahat ng pangkaraniwang pulong sa kalalakihan ay Barong Tagalog (long sleeve) sa unang Lunes ng buwan at polo barong sa mga susunod na huling Lunes ng buwan, sa babae ay Baro't Saya o Filipiniana Dress/ Formal Long Sleeves and Slacks. Sa 4th Monday ay smart casual. Sa 5th Monday of the month ay Polo Shirt sublimation, at sa Formal Event ay polo barong.

SEKSYON 2 - Ang kasuotan sa Di-Karaniwang Pulong at pulong ng lupon sa kalalakihan ay polo shirt o T-shirt na may kuwelyo, sa babae ay Casual / Sunday dress.

SEKSYON 3 - Maaaring ilagay sa call ang reminder para sa isusuot sa pulong.

ALITUNTUNIN BLG. XI KORUM

SEKSYON 1 - Ang kalahating dami at isa (50% + 1) ng mga kasapi ng Sanggunian na nahalal at natalaga ay siyang nakararaming bilang, at ito'y ituturing na Korum.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE



SEKSYON 2 - Sa usapin kung may korum o wala, ang pagbabatayan ay ang aktwal na dami ng kasapi o nakaupo sa Sanggunian ito at hindi kasali ang mga sumusunod:

- Ang isang Kagawad na nasa ibang bansa o nasa isang opisyal na lakad.
- Ang isang Kagawad na opisyal na nakaliban.
- Ang isang Kagawad na namatay na.
- Ang isang Kagawad na nagbitiw.
- Ang isang Kagawad na suspindido
- Ang isang Kagawad na natanggal o naalis sa pinakahuling hatol

SEKSYON 3 - Kung dumating ang takdang oras ng pagsisimula ng pulong, ang Tagapangulo, regular man o pansamantala, ay itatawag ang Kaayusan ng Pulong.

SEKSYON 4 - Kung walang korum pagkatapos na itawag ang kaayusan ng pagpupulong, ang Tagapangulo ay maaaring gawin ang alin man sa mga sumusunod:

- Itindig ang Pulong oras-oras kung nais niyang maghintay sa iba pang nahuhuling Kagawad na nagpabatid na darating.
- Tuluyang itindig ang Pulong dahilan sa walang Korum.

SEKSYON 5 - Kung mawalan ng Korum habang nagpupulong, na inumpisahan na may Korum, ang Tagapangulo ay maaaring Tumawag ng Sandaling-Tigil ng hindi hihigit sa isang (1) oras at hintayin o sunduin ang mga Kagawad na umalis nang walang makatarungang dahilan.

Kung sakali't lumampas na ang taning na oras para sa Sandaling-Tigil at wala pa ring Korum, ang Tagapangulo, sa kanyang pagkukusa, o sa pamamagitan ng isang panukala na tinanggap ng mga naroroon Kagawad, ay itindig ang pulong dahilan sa walang Korum, o itindig ang pulong para sa sa susunod na araw. Kung patuloy at patuloy pa rin ang kawalang Korum, matapos na ito'y ipagpaliban sa mga sumusunod na araw, sa pamamagitan ng kapasiyahan ng higit na nakararaming Kagawad na dumalo, ay maaaring alisan ang Kagawaran ng Pulisya na sunduin at padaluhin ang sinumang Kagawad na wala pa.

SEKSYON 6 - Ang sinumang Kagawad ay maaring magtanong, ano mang oras kung may sadyang Korum sa isinasagawang pagpupulong. Walang pagtatalo at agad na tatalima ang Tagapangulo upang atasan ang Kalihim na tawagin ang mga pangalan ng mga Kagawad upang makatiyak kung mayroong Korum.

**ALITUNTUNIN BLG. XII
ANG KAAYUSAN NG PAGPUPULONG**

SEKSYON 1 - Ang Kaayusan ng Pagpupulong ng Sangguniang Ito ay ayon sa sumusunod:

- Pagtatalaga ng "maze" bilang hudyat ng paggalang, kaayusan at pagsisimula ng pulong.
- Pagtatawag ng Kaayusan at pagpapahayag ng Tagapangulo na bukas na ang pulong.
- Panalangin at Pag-awit ng Lupang Hinirang
- PCL Hymn
- Vice Mayor's Creed
- PCL Creed
- Pagtawag sa mga pangalan ng mga kasapi ng Sanggunian
- Mensaheng Ispirituwal
- Pagbasa at pagkukop sa mga katitikan ng nakaraang pulong.
- Malayang Pamamahayag
- Oras ng Pagtatanong sa mga naimbitahang panauhin.
- Oras ng Unang Pagbasa at Pagliwat ng mga panukala o iba pang mga palibot- liham.
- Pag-uulat ng Lupon
- Mga Paksang Nakatakdang Talakayin



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE



1. Mga paksang hindi natapos, yaong ipinagpaliban, yaong hindi natalakay noong nakaraang pulong.
2. Mga paksa para sa araw ng pulong- Mga Kautusan at Kapasiyahan para sa Ikatlo at Katapusang Pagbasa; Mga Paksang Kailangang-kailangan mabigyan ng pagpasiya agad ng Sanggunian; Mga Kautusan at Kapasiyahan para sa Ikalawang Pagbasa.
3. Mga Paksang Hindi pa naililiwat sa Lupon bunga ng talakayan; Mga Paksang hindi nabigyan ng pagpapasiya ng isang Lupon at napagkaisahang ilipat sa ibang Lupon; Mga Paksang maling Lupon ang napagliwatan.

4. Iba Pang Paksa

- m. Pabatid at Tawag pansin (kung mayroon)
- n. Pagtitindig ng Pulong

SEKSYON 2 - Pagtawag ng Kaayusan o pagbubukas ng Pulong

- a. Hinihiling ang pagtindig ng lahat ng Kagawad (na nararapat lamang na nasa kani-kanilang upuan bago pa magsimula) gayundin naman ang lahat ng panauhin at mga naroroon sa Bulwagang Pulungan, matapos marinig ang hudyat ng Kalihim na magsisimula na ang pulong.
- b. Habang hawak ang mallet at nananatiling nakatayo, itatawag ang kaayusan, at ipahahayag ng Tagapangulo na bukas na ang pagpupulong.

SEKSYON 3 - Ang Panalangin

- a. Ang Panalangin ay pangungunahan ng isang Kagawad na itinalaga ayon sa takdang pagkakasunud-sunod.

Ang Panalangin ay bukas para sa anumang sekta.

SEKSYON 4 - Ang Pag-awit ng Lupang Hinirang

Ang Kagawad na nanguna sa Panalangin ay siya ring mamumuno sa Pag-awit ng Lupang Hinirang.

Hinihiling na ilagay ang kanang kamay sa kaliwang dibdib kaalinsabay sa pag-awit.

SEKSYON 5 - Ang Pag-awit ng Philippine Councilors' League (PCL) Hymn

Sasabayan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ang Audio Visual presentation para sa pag-awit ng PCL Hymn.

SEKSYON 6 - Ang Philippine Councilors' League (PCL) Creed

Pangungunahan ng Kagawad na nakatalaga ang pagbigkas ng PCL Creed.

SEKSYON 7 - Ang Vice Mayor Creed ay pangungunahan ng Tagapangulo at Vice Mayor na natatalaga na syang magbibigkas ng Vice Mayor Creed.

SEKSYON 8 - Pagtawag sa Pangalan ng mga kasapi ng Sanggunian

- a. Ang pagtawag ng mga pangalan ng mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ay ayon sa ranggo ng pagkakahalal at ang pagpapahayag ng pagkakaroon ng Korum ay gagampanan ng Kalihim.

SEKSYON 9 - Mensaheng Ispirituwal

Ang sinumang lider ng simbahan ang mamumuno sa pagpapahayag ng mga Salita ng Diyos.

SEKSYON 10 - Pagbasa at Pagkukop ng mga katitikan ng nakaraang pulong

- a. Bibigyan ng sipi ng katitikan ng nakaraang pagpupulong ang bawat isang kasapi ng Sanggunian dalawang (2) araw bago sumapit ang nakatakdang pulong.
- b. Ang pagbasa at pagsasaalang-alang ng katitikan ay maaaring ipagpaliban sa ibang pagkakataon subalit hindi ito dapat isasantabi at ipagwalang bahala. (Hangga't maaari ay hindi ito dapat ipagpaliban maliban na lamang kung mayroong makatarungang dahilan)

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

- c. Itatawag ng Tagapangulo ang bawat pahina ng katitikan at itatanong sa mga kagawad kung mayroong pagtatamang nais gawin, maliban sa maling pagbabaybay at spacing ng mga salita.
- d. Kung mayroong pagtatamang nais gawin ang isang kagawad dapat ay may pagsang-ayon ang higit na nakararaming kagawad na nandoroon.
- e. Hindi pinahihintulutan na maging bahagi ng pagpapatibay ang Kagawad na hindi nakadalo ng nakaraang karaniwang pulong.
- f. Matapos ang pagtatama ng katitikan, sa mungkahi ng isang kagawad na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga kagawad na naroroon ang katitikan ay kukupkupon bilang naitama na.
- g. Maaaring lagdaan ng Kagawad ang gilid ng katitikan katapat ng talatang kanyang iwinasto at ang katitikang ito ang siyang magsisilbing orihinal.

SEKSYON 11 - Malayang Pamamahayag

- a. Ang sinumang Kagawad ay kinakailangang magpatala bago ang nakatakdang Karaniwang Pulong upang makapagbigay ng Malayang Pamamahayag na hindi hihigit sa limang (25) minutes bawat kagawad.
- b. Walang pagtatanong o pagpuna ang gagawin hinggil sa paksang tinalakay sa Malayang Pamamahayag.
- c. Kung higit sa isang kagawad ang naghahangad na gumamit ng pagkakataon ng Malayang Pamamahayag, ang naunang nagpatala ang pahihintulutan subalit kung may nalalabi pang oras at ang paksang tatalakayin ng susunod na magsasasalita ay walang kaugnayan sa paksang tinalakay ng naunang nagpahayag, o dili kaya'y malimbang ang kahalagahan at hindi maaaring ipagpaliban sa susunod na pulong, siya ay maaaring pahintulutan ng Tagapangulo sa Pabatid o Patalastas.
- d. Ang mga kasapi ng Sanggunian ay "hindi ligtas sa pananagutang legal" sa gagawin nilang Malayang Pamamahayag sa hapag.
- e. Ang anumang panukala hinggil sa paksang tinalakay sa Malayang Pamamahayag ay maaaring imungkahi sa oras ng unang pagbasa.

SEKSYON 12 - Oras ng Pagtatanong sa Naimbitahang Panauhin.

- a. Maaaring ipagbigay alam ng Tagapangulo sa mga Sangguniang Kagawad na ang mga aanyayahang opisyal o kawani ng pamahalaan o pribado man upang makapagbigay liwanag sa mga paksang may kinalaman sa pang-madlang kagalingan.
- b. Sila ay ituturing na mga panauhin at hindi dapat insultuhin.
- c. Maaari silang tanungin tungkol lamang sa paksang may kinalaman sa paanyaya sa kanila, subalit hindi dapat makipagtalo.
- d. Kung sinuman sa Kagawad na magiimbita ng panauhin kailangan ipagbigay alam muna sa Tagapangulo.

SEKSYON 13 - Oras ng Unang Pagbasa at Pagliliwat ng mga panukala o iba pang mga pabatid-liham.

- a. Sa oras ng unang pagbasa at pagliliwat, babasahin lamang ng Punong-hapag ang pamagat ng panukalang kautusan o kapasiyahan at ang pangalan ng umaama o may akda nito. Pagdadagdag ng "Sponsor" pagkatapos ng salitang umaama.
- b. Matapos mabasa ang pamagat at may akda ng panukalang kautusan o kapasiyahan, ito ay ililiwat ng Tagapangulo sa kinauukulang Lupon.
- c. Isusunod naman ay ang mga kapasiyahan, kautusan, mga komunikasyon at kahilingan galing sa Barangay, liham, manipesto, at petisyon. Kung ito ay nangangailangan ng pag-aaral bago mapagpasiyahan, ito ay ililiwat sa kinauukulang lupon. Kung ang mga ito ay hindi mangangailangan ng mahabang pag-aaral at pagtatalo, maaaring ipagpaliban ang kaayusan ng pagpupulong at saglit na talakayin ito
- d. Hindi pahahalagahan ng Sanggunian ang anumang sumbong o paninira sa sinumang opisyal o kawani ng Pamahalaang Bayan ng Sta Cruz, Laguna, kung ito ay hindi notaryado ng isang abogado.
- e. Sa gawaing pagsasabatas ang na kailangan ang dagliang pagpapasiya ng Sangguniang Bayan ay maaaring isahapag at isaalang-alang kahit na ito ay hindi napatata sa kalendaryo ang mga paksang tatalakayin at kailangang ipagpaliban ang kaayusan ng pagpupulong.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIAN BAYAN OFFICE

SEKSYON 14 - Pag-uulat ng Lupon

- a. Sa Pag-uulat ng mga Lupon unang bibigyan ng pagkakataon ang Itinindig o Karaniwan na lupon kasunod ang Di-Karaniwan o "Ad Hoc" na lupon.
- b. Ang Pag-uulat ng Lupon ay gagawin ng Tagapamuno, maliban kung siya'y salungat sa kapasiyahan ng nakararami. Kung siya'y wala, ang Pangalawang Tagapamuno o kahit sinong kasapi ng lupon ang siyang mag-ulat. Hindi pinahihintulutan kwestyunin ang majority decision ng lupon pero ang subject matter ay open for deliberation on the second reading.
- c. Sinumang Kagawad na umaama o may akda ng isang panukala na napaliwat sa kauukulang lupon ay ituturing na kasapi ng lupon habang ang nasabing panukala ay pinagtatalakayan pa o isinasaalang-alang, ngunit hindi siya maaring bumoto o mapabilang sa Korum ng lupon.
- d. Ang bawat lupon na napagliwatan ng isang panukala o usapin ay magsusumite ng nakasulat na ulat sa sanggunian sa pamamagitan ng Kalihim, matapos ang kanilang gawain.
- e. Kung ang isang panukala o usapin ay napaliwat sa dalawa o higit pang lupon, ang mga sangkot na lupon ay maaring magsumite ng pinagsamang ulat o magkahiwalay na ulat ng bawat sangkot na lupon.
- f. Ang nakasulat na ulat ay magtataglay ng mga sumusunod na tala:
 - Pangalan ng nag-uulat na lupon o mga lupon, mga dumalong kasapi at di-kasapi ng lupon gayundin ang mga panauhin.
 - Maikling pananalita hinggil sa paksang napaliwat, anong aksyon ang ginawa, at mga impormasyong nakuha sa pampublikong pandinig o pagpupulong ng usapin
 - Ano ang pinagkatapusan ng usapin
 - Ano ang rekomendasyon- isa-isantabi o itala para sa pangalawang pagbasa
 - Pangalan at lagda ng sumang-ayon at di-sumang-ayon sa rekomendasyon
 - Maaaring ikabit ang katitikan
- g. Kung ang isang lupon na napagliwatan ay hindi nakapagsumite ng ulat sa takdang panahon, ang lupon ito ay maaaring alisan ng karapatan o kapangyarihang talakayin pa ang nailiwalat na paksa o usapin sa mungkahi ng sinumang kasapi, na sinang-ayunan ng higit na mas nakakarami, ay maaaring iliwat sa ibang lupon ang nasabing paksa o usapin.
- h. Kung ang Sanggunian ay hindi nasiyahan sa ulat ng niliwalatang lupon, maaari itong ibalik para sa lalo pang masusing pag-aaral.
- i. Kung ang mungkahi ng lupon ay huwag bigyan ng pagpapapasiya ang panukalang kapasiyahan o kautusan at itong mungkahing ito ang siyang kinupkop ng Sanggunian, ang mga panukalang kapasiyahan o kautusang ito ay isasantabi ng lupon. Kung ang mungkahi ng lupon ay isasantabi ng Sanggunian, at ito ang siyang kinupkop, ang mga panukalang kapasiyahan o kautusang ito ay malalagak sa "Archive" ng Sanggunian.
- j. Pagkatapos na makapag-ulat ang lupon at inerekomenda na isagawa ang panukalang kapasiyahan o kautusan, magbibigay ang lupon ng sipi ng mungkahing kapasiyahan o kautusan sa Lupon ng Alituntunin upang maitakda ito para sa pangalawang pagbasa. Bibigyan din ng sipi ang bawat isang kasapi ng Sanggunian bago ito talakayin.

SEKSYON 15 - Mga Paksang Nakatakdang Talakayin

- a. Ang mga paksang nakatakdang talakayin ay ihahanda ng Lupon sa Alituntuning Panloob, katulong ang kawani sa pangpangasiwaan ng Sanggunian, at bibigyan ng sipi ang mga kasapi ng Sanggunian dalawang araw bago idaos ang pulong.
- b. Ang lahat ng mga hindi natapos na paksang tinatalakay, mga paksang hindi nabigyan ng pagpapasiya, mga paksang ipinagpaliban noong nakaraang pulong ang unang bibigyang-pansin sa bawat pulong ng Sanggunian hanggang sa ang mga ito ay tuluyan nang nabigyan ng kaukulang hakbang.
- c. Isusunod na tatalakayin ay ang mga paksa para sa araw ng pulong. Ito ang mga paksa para sa ikatlo at katapusang pagbasa, mga paksang kailangang-kailangan mabigyan agad ng pagpapasiya ng Sanggunian at mga paksang nakatala para sa ikalawang pagbasa.
- d. Ang huling tatalakayin ay ang paksang hindi pa nailiwalat sa lupon bunga ng pagtatalakayan, mga paksang hindi nabigyan ng pagpapasiya ng isang lupon at napagkaisahang ilipat sa ibang lupon, mga paksang maling lupon ang napagliwatan at ngayo'y itinuturing na lamang lupon.

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA N. ALMARQUEZ
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. EMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

- e. Ang paksang nakatakdang talakayin ay magtataglay ng mga sumusunod
- Pamagat ng Panukalang Kautusan o Kapasiyahan
 - Pangalan ng may-akda o umaama ng Kautusan o Kapasiyahan at lupon na napagliwatan o lupon na siyang umaama sa naturang Kautusan o Kapasiyahan
 - Sa kaso ng mga petisyon, liham at iba pang komunikasyon, ang pinagbuhatan at pangalan ng nagpadala

ALITUNTUNIN BLG. XIII MGA GAWAIN SA PAGSASABATAS

SEKSYON 1 - Alituntunin sa pagsasagawa ng kautusan at pagkukop ng kapasiyahan

- Ang anumang lehislatibong pagpapasiya na may pangkalahatan at pangmatagalang katangian ay isasagawa bilang kautusan, samantala yaong may pansamantalang katangian gayon din sa mga bagay na may kaugnayan sa gawaing pag-mamay-ari (proprietary function) at para sa pribadong bagay ay isasagawa bilang kapasiyahan.
- Ang mga Panukalang Kautusan at Kapasiyahan ay kailangang nakasulat at magtataglay ng ibinigay na Bilang, Pamagat, Pag-uutos o Pagpapasiyang Pananalita at ang araw na itinatakdang dumaan sa sa ikatlong Pagbasa para sa pagpapasiya maliban kung ito ay siyang ninanais ng higit na nakararaming Kagawad na dumalo.
- Ang Kapasiyahan ay isasagawa gaya din ng sa isang Kautusan subalit hindi na kailangang lagdaan.
- Walang Kautusan o Kapasiyahan ang bibigyang- pansin sa Pangalawang Pagbasa sa alin mang Pangkaraniwang Pulong hangga't ito'y hindi pa naiuulat ng pinagliwatang lupon o dili kaya ay ito'y pinatunayan ng Punong Bayan na kailangang - kailangan na.
- Anumang paksa na nangangailangan ng dagliang pagpapasiya ng Sanggunian ay maaaring isahapag at isa-alang-alang kahit na ito ay hindi napatala sa kalendaryo ng mga paksang tatalakayin at hindi na nangangailangan na ipagpaliban pa ang ayos ng pagpupulong.
- Ihahanda ng Kalihim ang mga panukalang kautusan o kapasiyahan para sa ikatlong Pagbasa ayon sa kaayusan nang ito ay maipasa sa ikalawang Pagbasa at bibigyan ng sipi ang bawat isang kasapi ng sanggunian.
- Lahat ng Kautusan at Kapasiyahan na isinagawa sa Pangkaraniwan o Di-Pangkaraniwang Pulong ay kailangang may pagsang-ayon ang higit na nakararaming kagawad na dumalo at may korum ang pulong.
- Sa pagpasa ng lahat ng Kautusan at Kapasiyahan na may kaugnayan sa pagbabayad o sa pag-utang ng salapi, sa kahilingan ng sinumang Kagawad, ay itatala ng Kalihim ang lahat ng sumang-ayon at ng di-sumang-ayon.
- Ang lahat ng isinagawang kautusan at Kapasiyahan ay tatatakan ng selyo ng Sangguniang Bayan at itatala sa kaukulang talaan.

SEKSYON 2 - Ang mga hakbang sa lehislasyon ng isang kapasiyahan at kautusang bayan bago ito maisagawa, makukop o mapagtibay ay kailangang dumaan sa tatlong (3) pagbasa, tulad ng nasasaad sa sumusunod:

- Unang Pagbasa - Ang pagbasa ng Punong Hapag sa mga panukala na nagtataglay ng pamagat, may-akda o umaama at pagkatapos nito ay ililiwat ng Tagapamuno sa kaukulang lupon nang walang pagtatalo. (tingnan ang Seksyon 9, Alituntunin Blg. XI)
- Ikalawang pagbasa - ang alinmang Panukalang Kautusan o Kapasiyahan na naiulat na ng kinauukulang lupon at ito ay naitala ng lupon sa Alituntuning Panloob para sa ikalawang pagbasa; ay pasasailalim sa pagtatalakayan, pagkatapos ay pagsusugog bago ito makapasa sa ikalawang pagbasa.

Mananatili pa rin sa ikalawang pagbasa ang isang panukalang kapasiyahan / kautusan kung may kakulangan sa mga dokumento.

- Ikatlong Pagbasa - babasahin ng Punong Hapag ang bilang, pamagat, at ang umaama ng Panukalang Kautusan na nakapasa na sa Ikalawang Pagbasa. Wala na itong pagtatalo o pagsusugog. Ihahain ito ng Tagapangulo sa hapag upang pagbotohan. Pormal na ipapahayag ng Tagapangulo ang resulta at uutusan ang Kalihim na itala ito sa opisyal na talaan.

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA ALMARVEZ
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 3 - Ang pagpapatibay ng kautusan at kapasiyahan ng Punong Bayan at ang paggamit niya ng kapangyarihang beto ay sumasailalim sa mga sumusunod na tuntunin:

- Ang lahat ng kautusan at kapasiyahan na isinagawa ng sanggunian ay padadaanin sa Punong Bayan para sa kanyang pagpapatibay, kung saan, kanyang lalagdaan ang bawat pahina ng nasabing kautusan.
- Kung gagamitin niya ang kanyang kapangyarihang beto, ito ay ibabalik niya sa sanggunian kalakip ang kanyang pahayag kung bakit hindi niya ito pinagtibay.
- Maaaring muling isaalang-alang ang nasabing kautusan ng sanggunian, na kung saan ay maaaring magapi ang beto ng Punong Bayan sa pamamagitan ng dalawang-katlong (2/3) boto ng lahat ng kasapi ng sanggunian, kung kaya't ang nasabing kautusan o kapasiyahan ay may bisa.
- Ang beto ay ipadadala ng Punong Bayan sa sanggunian sa loob ng sampung araw (10), kung hindi, ang kautusan ay ituturing na pinagtibay na para bang nilagdaan niya.
- Maaaring i-beto ng Punong Bayan ang anumang kautusan ng Sanggunian sa kadahilanang ito'y "Ultra Vires" o hindi maganda para sa pangmadlang kapakanan. Isusulat niya ang kanyang kadahilanan sa pagbeto.
- Ang Punong Bayan ay mayroong kapangyarihang i-beto o ipawalang bisa ang alinmang bahagi o mga bahagi ng isang paglalaan kautusan, isang kautusan o kapasiyahan na kumukupkop sa isang lokal na planong pagpapaunlad at "public investment program" o isang kautusan para sa pagbabayad ng salapi o paglikha ng utang. Sa ganitong pangyayari, ang beto ay hindi makakaapekto sa iba pang bahagi ng kapasiyahan o kautusan. Ang mga bahagi ng kautusang paglalaan noong nakaraang taon, na humahalintulad sa mga bahaging ibineto ngayon, kung mayroon, ay ituturing na ipinasa na (Art. 108, IRR RA 7160).

**ALITUNTUNIN BLG. XIV
KAAYUSAN SA PAGTATALAKAYAN AT PAGSUSUSOG**

SEKSYON 1 - Ang sinumang kagawad na may akda ng isang Panukalang Kautusan o Kapasiyahan ay binibigyan ng labinlimang (15) minuto upang ipahayag ang kanyang panukala.

SEKSYON 2 - Pagkatapos na maipahayag ng kagawad ang kanyang panukala maaari siyang magmungkahi nito na bukas ang hapag para sa talakayan. Maaari din na ang Tagapangulo ang siyang magmungkahi nito.

SEKSYON 3 - Ang bawat isang kagawad ay binibigyan ng sampung (10) minuto upang magpahayag ng kanyang pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa panukala

SEKSYON 4 - Ang pagtatalo ay maaari nang isara pagkatapos na marinig ang tatlong (3) pagsang-ayon at dalawang (2) di-pagsang-ayon o isang (1) pagsang-ayon at walang di-pagsang-ayon. Maaaring isang kagawad o sa pangunguna ng Tagapangulo ay imungkahi na isara na ang pagtatalo.

SEKSYON 5 - Pagkatapos na maisara ang talakayan o pagtatalo, isusunod ang pagsusug. Ang pagsusug ay gagawing "seriatim" ibig sabihin ang bawat Seksyon ay maaaring susugan at pagtalan. Ayon sa tamang pagkakasunod sunod. Ang anumang pahayag na ukol sa mga sugog ay hindi lalampas ng limang (5) minuto. Matapos pagtalan, ito ay pagpapasiyahan o pagbobotohan hanggang ang lahat ng seksyon ay makapasa sa ikalawang pagbasa

SEKSYON 6 - Kung nais ng sinumang kagawad na magsalita o maglahad ng anumang bagay sa kapulungan ay magalang siyang magtataas ng kamay upang hingin ang pansin ng Tagapangulo at matapos na mapahintulutan ng Tagapangulo ay magalang na titindig para magsalita. Kung higit sa isang kagawad ang nagtaas ng kamay, sasabihin ng Tagapangulo kung sino sa kanila ang mauunang magsalita.

SEKSYON 7 - Sa lahat ng pagkakataon, ang sinumang kagawad na magsasalita ay hindi dapat lumiis sa paksang pinag-uusapan at dapat ring umiwas sa pagtuligsa sa sinuman. Dapat na umiwas na makapagbigay ng mga katagang di-angkop sa karangalan ng sanggunian at mga kasapi nito

SEKSYON 8 - Ang isang kagawad na nagsasalita sa hapag ay maaaring pigilan o patigilin ng Tagapangulo upang magpahayag ng punto ng kaayusan, upang sumagot sa tanong galing sa hapag, upang linawin ang isang bagay na may kinalaman sa paksang pinag-uusapan, o magbigay ng pahayag na napapaloob sa kanyang karapatan.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 9 - Habang nagpupulong, ang lahat ng kagawad ay kinakailangang nasa kanilang upuan. Sa oras ng talakayan o pagtatalo, walang kagawad ang maglalakad sa loob ng bulwagang pulungan at hindi siya maaaring lumabas nang walang pahintulot ng Tagapangulo.

SEKSYON 10 - Walang sinumang pinahihintulutang makapagsalita sa kapulungan kundi ang Tagapangulo at ang mga kagawad ng sangguniang ito, maliban kung ang ayos ng pagpupulong ay pinagpaliban.

SEKSYON 11 - Kung ang isang mungkahi ay pinagtatalakayan, walang ibang mungkahi na dapat tanggapin sa hapag, maliban kung ang mungkahi ay sandaling tigil o pahinga, pagpapaliban, pagpapaubaya sa hapag, pribilehiyo, o pagtawag sa kaayusan.

SEKSYON 12 - Ang isang panukala ay isinasaalang-alang ang mga mungkahing susugan. Ito ay nasasaayon lamang kung ang naunang mungkahing susog ay natapos na. Ang mga susog naman sa mga pamagat ng kapasiyahan o kautusan ay wala sa ayos hangga't hindi pa natatapos ang pagbasa sa kabuuan nito. Ang susog sa pamagat ay pagpapasiyahan nang walang pagtatalo.

SEKSYON 13 - Ang paksa sa pribilehiyo na may kinalaman sa karapatan ng sanggunian sa kabuuan, sa pagtatanggol sa karangalan at integridad nito, at sa karapatan at dangal ng sinumang kagawad nito ay mangingibabaw sa lahat ng mungkahi ng kaayusan.

SEKSYON 14 - Ang mungkahi na basahin ang alinmang bahagi ng bagong Alituntuning ito ay dapat pahalagahan sa iba pang mungkahi, maliban sa mungkahing itindig na ang pagpupulong.

SEKSYON 15 - Ang Tagapamuno o ang Ikalawang Tagapamuno o kasapi ng napagliwatang lupon, ang siyang magmumungkahi ng Panukalang Kapasiyahan o Kautusan. Marapat lamang na banggitin ang pangalan o mga pangalan ng may-akda ng panukala.

ALITUNTUNIN BLG. XV ALITUNTUNIN SA MGA MUNGKAHI

SEKSYON 1 - Ang lahat ng mungkahi na may kaugnayan sa ulat ng lupon na panukala ng Tagapamuno ng lupon o ng kasapi ng nag-uulat na lupon ay nangangailangang pangalawahan.

SEKSYON 2 - Kung may taong kinilala ang Tagapangulo at nasa hapag, nagsasalita man o hindi, ang mungkahing itindig ang pulong ay ituturing na wala sa kaayusan.

SEKSYON 3 - Lahat ng prebiblehiyong mungkahi ay maipapanukala kahit na may nakabinbin na mungkahi o usapin sa kinakaharap ang Sanggunian.

SEKSYON 4 - Ang mga sumusunod na mungkahi ay maipapanukala kahit na may kinikilala ang Tagapangulo at nasa hapag. Nangangahulugan na maaring maputol ang nagsasalita

- Apila sa hatol ng Tagapangulo
- Pagpapaalala sa paksang dapat lang talakayin sa oras ng pulong
- Paghahati sa kapulungan
- Paghahati sa katanungan o usapin
- Pagsalungat sa mungkahing isaalang-alang ang isang usapin
- Pagpuna sa kaayusan ng pulong
- Paghingi ng karagdagang impormasyon sa paksang tinatalakay
- Pang-pagpupulong ng katarungan
- Muling pagsasaalang-alang ng usapin
- Muling pagsasaalang-alang ng usapin at hihilinging isama sa katitikan
- Pagtatanong hinggil sa pribilehiyo

SEKSYON 5 - Ang mga mungkahi o usapin na napasa-hapag ay maaring talakayin na sa kasalukuyang pulong o sa susunod na pulong, subalit hindi na lalampas dito, sa pamamagitan ng isang mungkahi para rito.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 6 - Ang mga sumusunod na mungkahi ay nangangailangang pangalawahan:

- a. Pagtitindig ng pulong
- b. Pagkukop ng isang ulat o kapasiyahan, maliban kung ito'y panukala ng Tagapamuno ng Lupon o ng isang kasapi ng lupon na nag-uulat
- c. Pagsususog
- d. Apela sa hatol ng Tagapangulo
- e. Pagliliwat sa lupon
- f. Isa-isantabi ang panukala
- g. Palawigin o paiklin ang oras para sa talakayan
- h. Itakda ang oras para sa pagtitindig ng pulong
- i. Pagpapahayag ng matinding pagsalungat sa kapasiyahan isinagawa ng kapulungan (To expunge)
- j. Isahapag ang panukala
- k. Pagpapaliban nang may takdang oras o araw
- l. Pagpapaliban nang walang takdang oras o araw
- m. Pagtawag sa unang usapin
- n. Sandaling tigil o pahinga
- o. Muling pagsasaalang-alang
- p. Muling pagsasaalang-alang at mapatala sa katitikan
- q. Pagpapawalang-bisa (Rescind or Repeal)
- r. Pagpapaliban ng alituntuning panloob
- s. Lahat ng pangunahing mungkahi

SEKSYON 7 - Ang mungkahing nagsususog at ang mungkahing nagsususog sa susog ay maaaring bawiin sa pasubaling wala pang kapasiyahan ang nagaganap dito.

SEKSYON 8 - Ang mungkahi sa pagsususog ay hanggang ikalawang antas lamang, alalaon baga'y hanggang sa pagsususog sa susog lamang

SEKSYON 9 - Ang isang mungkahi ay mababawi lamang kung ito ay hindi pa pinagtatalakayan o pinagtatalunan ng kapulungan, at kung sakali man, ito ay mababawi lamang sa kapasiyahan ng higit na nakararaming kasaping dumalo.

ALITUNTUNIN BLG. XVI PAGPAPALIBAN NG ALITUNTUNING PANLOOB

SEKSYON 1 - Alin mang bahagi nitong Alituntunin Panloob, maliban doon sa mga itinakda ng umiiral na batas, ay maaring ipagpaliban sa ginaganap na pulong, sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng dalawang-katlong (2/3) boto ng mga kasaping dumalo sa pulong na may korum base sa Art. 107 (c) ng Rules and Regulations Implementing the Local Government Code of 1991.

ALITUNTUNIN BLG. XVII ANG PAGBOTO

SEKSYON 1 - Ang pagboto sa Sangguniang ito ay alinman sa mga sumusunod na pamamaraan:

- a. pagtataas ng kamay
- b. pagtindig
- c. pagbasa sa mga pangalan ng mga kagawad
- d. pamamagitan ng balota

SEKSYON 2 - Kung ang pamamaraang gagamitin ay ang pagtawag sa pangalan (ng mga kagawad) ay tatawagin ng Kalihim ang pangalan ng bawat isang kagawad ayon sa ranggo ng pagkakahalal at ipapahayag niya ang kanyang boto-sang-ayon o di-sang-ayon.

Ang bawat kagawad ay maaaring magpaliwanag nang hindi hihigit sa tatlong (3) minuto hinggil sa kanyang boto.

SEKSYON 3 - Maaaring hilingin sa Tagapangulo na minsan pang muling tawagin ang mga pangalan ng mga kagawad na hindi bumoto upang mabigyan sila ng pagkakataon na gamitin ang kanilang karapatan at upang malaman kung may lumabag sa alituntunin sa hindi pagboto



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 4 - Anumang panukala na iniharap sa botohan at nakatanggap ng magkaparehong bilang ng sang-ayon at di-sang-ayon ay nangangahulugan lamang na natalo ito sa hapag, maliban kung hilingin ng may panukala na bumoto rin ang Tagapangulo. Ngunit kung ang botohan ay hinggil sa mungkahi ng pag-apila sa hatol ng Tagapangulo, ang magkaparehong dami ng boto ay mangangahulugan na mananaig ang kahalutuhan ng Tagapangulo.

SEKSYON 5 - Walang Kagawad ang maaaring bumoto o payagang bumoto sa anumang panukala sa siya o sinuman sa kanyang pamilya, hanggang sa ikatlong pagkakamag-anak, sa ikatlong pagkakamag-anak, ay may tuwiran o personal na kapakinabangan. (Hindi naman ito nangangahulugan na hindi siya maaaring bumoto para sa kanyang sarili sa anumang posisyon sa sanggunian.)

SEKSYON 6 - Maaari lamang palitan ang kanyang boto kung hindi pa naipapahayag ng Tagapangulo ang resulta ng botohan Kung naipahayag na, maaari lamang siyang magpalit ng boto sa kapahintulutan ng higit na nakararaming bilang ng mga kagawad na dumalo.

SEKSYON 7 - Ang isang kagawad na dumating nang huli sa pagpupulong ay hindi pahihintulutang makaboto at hahayaang makaboto kung hindi pa naipapahayag ng Tagapangulo ang resulta.

SEKSYON 8 - Walang ibang mungkahing tatanggapin ang hapag habang nagbobotohan, maliban sa pagtatanong kung may sapat na korum.

SEKSYON 9 - Hindi makakaboto ang Tagapangulo upang makagawa ng sindaming boto ng sang-ayon at di-sang-ayon.

SEKSYON 10 - Batay sa Batas Pambansa 7160 at sa kanyang ipinatutupad na alituntunin at panuntunan ng "Higit na nakararaming boto ng lahat ng bumubuo ng sanggunian" ang kailangan ng mga sumusunod na kapasiyahan o kautusan upang ang mga ito ay mapagtibay o makukupkop

- Kautusan na nagpapataw ng buwis, butaw o singilin para sa pangkalahatan o tuwirang pangangailangan.
- Kapasiyahan pinapayagan ang Punong Bayan na makipag-ayos at pumasok sa kontrata tungkol sa pag-utang.
- Kautusang pinapayagan ang pagpapalabas ng "bonds" o iba pang instrumento ng pagkakautang para makalikha ng pondo upang matustusan ang mga proyektong pangkaunlaran.
- Kapasiyahang pinapayagan ang Punong Bayan na mapaupahan ang mga gusaling pag-aari ngunit hindi naman ginagamit ng pamahalaan batay sa umiral na mga batas, alituntunin at panuntunan.
- Kautusang nagbibigay ng prangkisa sa sinomang tao, magkasosyo, korporasyon o kooperatiba na makapaglatag, magtayo, magpatakbo, mapanatili sa ayos ang mga gusaling pantawid ilog, pantalan, pamilihan o katayan ng mga hayop o iba pang katulad nitong gawain sa nasasakupan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna na pinahihintutulan ng umiral na mga batas, sa pasubali na bibigyan ng pangunang pansin ang kooperatiba sa pagbibigay ng prangkisa.
- Kapasiyahan na inaayunan ang Punong Bayan sa paghirang niya ng pinuno ng mga kagawaran at tanggapan.

SEKSYON 11 - Pasiya ng nakararaming kagawad na dumalo sa pulong na may korum.

Lahat ng kapasiyahan at kautusan, maliban doon sa itinakda sa Seksyon 10 ng alituntuning ito (Alituntunin Blg. XVI), ang boto ng nakararaming bilang ng kagawad na dumalo sa pulong na may korum ang kakailanganin upang ang mga ito ay maipasa, makukupkop o maisagawa

SEKSYON 12 - Dalawang-katlong (2/3) boto ng lahat ng kagawad kasapi ng sanggunian o pitong boto ng Sanggunian ang kailangan upang:

- Mapawalang saysay (over-ride) ang pagsasawalang-bisa (veto) ng Punong Bayan para sa anumang kapasiyahan o kautusan, at nangangahulugan na ang nasabing kapasiyahan o kautusan ay tatanghaling may bisa (Seksyon 54 (d) RA 7160)
- Maipatupad ang parusang pagsususpende o pagpapaalis sa isang nagkasalang kasapi ng sanggunian ito (Seksyon 50, b-5 RA 7160)
- Makapagbigay ng paglilibre sa buwis, pang-ganyak (incentives) o pagbibigay kaginhawahan sa buwis (tax reliefs) sa industriyang nakapagpapaunlad ng pamayanan, (Seksyon 447 ng Batas Pambansa 7160)
- Kautusan na may kinalaman sa pagkakautang o pagbabayad ng salapi ng pamahalaang bayan, at iba pang katulad nito



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 13 - Dalawang-katlong (2/3) botong sumasang-ayon ng mga kagawad na dumalo sa pulong na may korum ang kailangan upang makukupkop ang mga sumusunod na mungkahi:

- Mungkahi na ipagpaliban ang alituntuning panloob
- Mungkahi na makapagpahayag ng masidhing pagsalungat sa kapasiyahang isinagawa ng kapulungan (to expunge).
- Mungkahi na mapalawig o maiklian ang pagtatalo
- Mungkahi na matawag na nakaraang katanungan

SEKSYON 14 - Dalawang-katlong (2/3) botong di-sumasang-ayon ng mga kagawad na dumalo sa pulong na may korum ang kailangan upang makapanaig ang "mungkahing salungat sa pagsasaalang-alang ng isang usapin"

SEKSYON 15 - Dalawang-katlong (2/3) boto ng mga kagawad na dumalo sa pulong na may korum ang kailangan upang matalakay ang ibang paksa na hindi nakatala sa pasabi para sa isang di karaniwang pulong.

SEKSYON 16 - Pinapayagan ng sanggunian ito ang Hindi-pagboto (abstention) ng isang kagawad.

ALITUNTUNIN BLG. XVIII ANG MGA LUPON

SEKSYON 1 - *Pagbubuo ng mga Lupon*

- Ang paglikha o pagbabago ng mga nakatayo o pangkaraniwang lupon ay kailangan ang boto ng higit na nakararaming kasapi ng sanggunian.
- Ang Tagapangulo ay maaaring magrekomenda ng paglikha o pagbabago ng alinmang nakatayo o pangkaraniwang lupon. Agad-agad, ito ay pagbobotohan nang walang pagtatalo.
- Maaaring lumikha ng isang di-pangkaraniwan o "Ad Hoc" na lupon sa mungkahi ng Tagapangulo o sinumang kasapi na sinang-ayunan ng higit na nakararaming kagawad na dumalo sa pulong na may korum.
- Ang Tagapangulo ay hindi isasali bilang kasapi ng isang nakatayo o pangkaraniwang lupon, subalit siya'y ituturing na Ex-officio kasapi ng bawat lupon na walang karapatang bumoto. Ang Tagapangulo ay maaaring maging Tagapamuno ng isang Di-karaniwan o "Ad Hoc" na lupon sa pasubali na ang gawain ng lupon ito ay walang kinalaman sa mga lehislative bagay o paggawa ng panuntunan.
- Walang ibang tao, maliban sa kasapi ng sanggunian ang maaaring maging kasapi ng nakatayo o pangkaraniwang lupon na nilikha ng sanggunian.
- Ang simumang kasapi ng sanggunian ay maaaring maging Tagapamuno o Ikalawang Tagapamuno ng higit pa sa dalawang nakatayo o pangkaraniwang lupon.
- Walang kasapi ng sanggunian ang maaaring maging kasapi ng higit pa sa sampu (10) na nakatayo o pangkaraniwang lupon
- Ang bawat isa-isang nakatayo o pangkaraniwang lupon na likhain ay bubuuin ng hindi bababa sa limang kasapi, kasama na ang Tagapamuno at Ikalawang Tagapamuno.

SEKSYON 2 - Walang kasapi ang maaaring sumali sa talakayan ng lupon kung siya ay may tuwiran o di-tuwirang pansarili o pampananalapi at pang-negosyong kapakanan.

SEKSYON 3 - Ang mga kasapi lamang ng lupon ang maaaring dumalo sa pulong ng kanilang lupon, na maliban kung payagan ng higit na nakararaming kasapi na dumalo sa pulong na kanilang lupon, na maliban kung payagan ng higit na nakararaming kasapi na dumalo sa pulong na pang kinauukulan upang mahingan ng payo. Gayunpaman, sakaling ang isang hindi kasapi ng lupon ay dumalo sa pulong, sa kapahintulutan ng Tagapamuno ng lupon, ay maaari siyang makilahok sa talakayan. Ang may akda ng panukalang tatalakayin ay ituturing na "ex-officio" kasapi ng napagliwatang lupon.

SEKSYON 4 - Maaaring magdaos ng pampublikong pandinig ang isang lupon upang mapakinggan at maisaalang-alang ang kurukuro at damdamin ng ibat-ibang Sector lalot higit yaong Sector na maaapektuhan ng panukalang kapasiyahan o kautusan.

SEKSYON 5 - Kailangan ang Korum upang ang isang lupon ay makapagpulong at maisagawa ang talakayan sa paksang napaliwat sa lupon.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIAN BAYAN OFFICE

SEKSYON 6 - Ang pulong ng lupon ay maaring tawagin ng sinuman sa mga sumusunod:

- Tagapamuno ng Lupon
- Pangalawang Tagapamuno, kung siya ay kinikilalang kahaliling Tagapamuno ng lupon
- Higit na nakararaming kasapi ng lupon, sa pasubali, na may kaukulang pasabi o pabatid sa lahat at bawat kasapi ng lupon.

SEKSYON 7 - Ang bakante sa lupon ay pupunan sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

- Boto ng higit na nakararami ng lahat ng kasapi ng Sanggunian.
- Pagtatalakda ng Tagapangulo na sinang-ayunan ng mga nakararaming Kagawad na dumalo sa pulong na may Korum.

SEKSYON 8 - Pagdalo ng Pinuno o Kawani ng Tanggapan sa pulong ng lupon

- Ang pag-iimbita ng lupon sa sinumang Pinuno o Kawani ng mga Tanggapan ay pararaanin sa Tagapangulo, kung saan siya ang magliliwat ng paanyaya sa Punong Bayan para sa kinaaukulang pinuno o kawani.
- Isasaad sa imbitasyon o kahilingan ang dahilan o tulong na hihingi sa Pinuno o Kawani ng Tanggapan

SEKSYON 9 - Mga Dapat Nakatayo o Karaniwang Lupon - Ang sanggunian, sa pamamagitan ng isang Kapasiyahan, ay lilikha ng mga sumusunod na na dapat Nakatayo o Karaniwang Lupon:

a. LUPON SA PANANALAPI, BADYET AT PAGLALAAAN

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga katanungan / usapin na may kinalaman sa:

- Lokal na buwis, butaw at paniningil
- Pag utang at iba pang pagbubuhatan ng kita.
- Pang-taunan at karagdagang badyet
- Paglalaan na kautusan
- Iba pang bagay na kaugnay sa Lokal na buwis at pampananalapi.

b. LUPON SA KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD, PAMILYA AT KABABAIHAN

Ang Lupon na siyang pagliliwatan ng mga katanungan / usapin na may kaugnayan sa:

- Kagalingang panlipunan na kinabibilangan ng mga proyekto at programa para sa kagalingan ng mga bata at kabataan, kagalingan ng mga matatanda at may kapansanan
- Kagalingan ng pamayanan, kapakanan, karapatan at pribilehiyo ng mga kababaihan
- Mga palaboy, pulubi, batang-yagit, basurero, delinkuente at mga biktima ng pang-aabuso sa droga.
- Pangkabuhayan at ibang proyekto para sa mahihirap
- Samahan ng mga Kababaihan
- Kapakanan ng pamilya
- Lahat ng mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kababaihan at pamilya
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa paglilingkod at kagalingang panlipunan

c. LUPON SA PAGPAPAUNLAD NG KABATAAN

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga katanungan / usapin na may kaugnayan sa:

- Pagpapaunlad ng Palakasan (Sports)
- Kapakanan at Pagpapaunlad ng Kabataan

d. LUPON SA AGRIKULTURA, PANGISDAAN AT KOOPERATIBA

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin/katanungan o bagay na may kaugnayan sa:

- Agrikultura
- Pangingisda
- Samahan at pagpapaunlad ng Kooperatiba
- Pang-ganyak para sa Kooperatiba
- Iba pang mga bagay na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng Programa sa Kooperatiba ng Pamahalaan.



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

e. **LUPON SA ALITUNTUNIN AT PREBILEHIYO**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin/katanungan o bagay na may kinalaman sa:

- Panloob na alituntunin ng Sanggunian at ang paglabag dito.
- Kaayusan ng Pagpupulong at Kalindaryo ng mga paksang tatalakayin sa pagpupulong.
- Ang di wastong kilos at asal ng kasapi ng Sanggunian at ang pag-iimbistiga dito
- Pribilehiyo ng mga kasapi ng Sanggunian.

SEKSYON 10 - Iba pang Nakatayo o Pangkaraniwang Lupon

Lilikha rin ang Sangguniian ng iba pang nakatayong Lupon gaya ng mga sumusunod:

a. **LUPON SA KAUTUSAN AT BATAS**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin na may kaugnayan sa:

- Pagsasagawa, pagbabago o pagsususog sa mga kautusan, maliban sa mga kautusang may kinalaman sa paglalaan ng pananalapi.
- Paggamit ng kapangyarihang lehislatibo (kapangyarihan na makapagpapataw ng buwis, kapangyarihan makapagpapatupad ng batas, kapangyarihan ng isang korporasyon at karapatang makapag-ari ("taxing power, police power, corporate power, proprietary right)
- Lahat ng usapin at katanungang may kinalaman sa mga usaping administratibo, petisyon at mga may kinalaman sa batas.

b. **LUPON SA KAPAYAPAN, KAAYUSAN AT KALIGTASANG PANGMADLA**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnay sa:

- Kapulisan
- Pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan
- Pangangalaga sa paglilingkod
- Pag-iwas at Pagsugpo sa sunog
- Publikong moralidad
- Iba pang bagay na may kaugnay sa kapayapaan, kaayusan at pangmadlang kaligtasan

c. **LUPON SA KALUSUGAN, NUTRISYON AT SANITASYON**

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pangunahing Pangangalagang Kalusugan
- Pangangalaga sa kalusugan ng mga ina at sanggol
- Paggigiit sa mga nakakahawa at di-nakakahawang sakit
- Kalinisan at Sanitasyon ng kapaligiran
- Palatuntunang Pangkalusugan
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa kalusugan, nutrisyon at sanitasyon ng kapaligiran.

d. **LUPON SA LIKAS-YAMAN AT KAPALIGIRAN**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Likas-Yaman
- Pangangalaga ng Kapaligiran
- Polusyon ng lupa, hangin at tubig
- Pagkasira ng kapaligiran at kalikasan
- Iba pang bagay-bagay na may kaugnayan sa kapaligiran.

e. **LUPON SA EDUKASYON**

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pormal at hindi pormal na pagtuturo
- Mga paaralan pribado at publiko
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa Edukasyon

f. **LUPON SA TURISMO, KULTURA AT KASAYSAYAN**

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Proyektong may kaugnayan sa turismo
- Pagpapaunlad ng Kultura at Sining
- Iba pang bagay-bagay na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng turismo

KG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY M. KALAW
Kagawad

KG. JOULE C. DE LEON
Kagawad

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KG. NORMANI. TOLENTINO
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

- Pagpapaunlad ng Kultura at Sining
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa Kultura
- Pagpapahalaga sa Turismo sa ating bayan
- Pagdiriwang ng mga makasaysayang pangyayari at personalidad
- Pagrereserba ng makasaysayang lugar at gusali
- Dokumentasyon at pagpapalaganap ng lokal na kasaysayan
- Pagpapaunlad ng mga atraksyon at pasilidad para sa turismo
- Pagbuo ng mga patakaran at regulasyon para sa pamamahala ng kasaysayan, kultura at turismo

g. **LUPON SA MABUTING PAMAMAHALA, PAMPUBLIKONG ASAL AT PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN**

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Organisasyon at Pamamahala
- Pamamahala ng mga Kawani
- "Position Classification and Pay Plans" - Pag-uuri ng mga posisyon at plano ng pagpapasahod
- "Staffing Pattern" - Kabuuang talaan ng mga pinuno at kawani ng pamahalaan.
- Paglikha ng mga posisyon
- Pagsasagawa ng mga panuntunan para sa matipid, mabisa at epektibong pamamahala
- Pamantayan para sa kilos at asal ng mga lokal na pinuno at kawani
- Pampublikong pananagutan ng mga lokal na pinuno at kawani
- Ibang pang bagay na may kaugnayan sa mabuting pamamahala

h. **LUPON SA PAMILIHANG BAYAN AT KATAYAN NG MGA PAGKAING HAYOP**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pamamahala at Pagpapatakbo ng Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop
- Kapasiyahan at Kautusan hinggil sa mga singilin at upa sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop
- Pagsasaayos ng Pamilihang Bayan at ang paligid nito
- Pagsasagawa, Pagbabago, Pagsusog sa Kodigo ng Pamilihang Bayan
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa pamamahala ng Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop

i. **LUPON SA MGA PALARO AT LIBANGAN**

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pagpapatakbo at Pagpapatayo ng mga Lugar na libangan
- Kapasiyahan at Kautusan hinggil sa pamamahala ng mga palaro at libangan, kasama na nito ang professional na sabong, boksing, basketball at iba pang palaro at libangan
- Iba na pang bagay na kaugnay sa pananalapi

j. **LUPON SA PANGKABUHAYAN, PANGANAGALAKAL AT INDUSTRIYA**

Lupon na siyang pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pagtatayo, Pagpapatakbo ng lahat ng un ng pangangalakal at industriya
- Kapasiyahan at kautusan na may kaugnayan sa pangangalakal, hanapbuhay at industriya
- Pagganyak para isulong ang pangangalakal, hanapbuhay at industriya
- Iba pang bagay kaugnay sa pangangalakal, hanapbuhay at industriya
- Rekomendasyon sa pag-utang upang magamit sa mga programa at proyekto
- Pagkilala sa mga samahang may kinalaman sa pangkabuhayang proyekto at gawain
- Iba pang bagay na may kinalaman sa pagpapaunlad ng kabuhayan

k. **LUPON SA PAGGAWAING BAYAN, INPRASTRUKTURA AT ELEKTRIPIKASYON**

Lupon na mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pagpapagawa, Pagpapanatiling maayos at pagkukumpuni ng lansangan, tulay at iba pang proyektong Inprastruktura ng pamahalaan
- Kapasiyahan at kautusan hinggil sa daluyan ng maruming tubig (sewerage system) at mga proyektong kahalintulad nito, Inprastruktura, komunikasyon at elektripikasyon
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa paggawaing bayan, Inprastruktura, at elektripikasyon

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE JEON
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE



l. LUPON SA PABAHAY AT PAGGAMIT NG LUPA

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnay sa:

- Proyekto sa pabahay, sabdibisyon at paggamit ng lupain
- Kapasiyahan at kautusan hinggil sa paggamit ng mga lupain
- Pagsasagawa ng "Zonification" o "Zoning Code"
- Problema ng mga "Squatters"
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa pabahay at paggamit ng mga lupain

m. LUPON SA BARANGAY AFFAIRS

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pagpapangalan o Pagbabago ng pangalan ng barangay at sitio
- Pagpapangalan o Pagbabago ng pangalan ng lansangan ng barangay
- Pagsusuri ng mga kapasiyahan at kautusan ng barangay, gayon din ng mga kautusang ipinalabas ng Punong Barangay
- Iba pang bagay na may kaugnayan sa Pamahalaang Barangay

n. LUPON SA TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Alituntunin at panuntunan sa trapiko
- Alituntunin at panuntunan sa pagkuha ng prangkisa

o. LUPON SA KARAPATANG PANTAO

Ang Lupon na siyang pagliliwatan ng mga katanungan na may kaugnayan sa:

- Karapatang Pantao
- Pagsagka sa paglabag sa Karapatang Pantao
- Lahat ng mga bagay-bagay na naaapektuhan ang karapatang pantao.

p. LUPON SA PAMAMAHALA AT PAGTUGON SA SAKUNA

Lupon na pagliliwatan ng mga usapin o bagay na may kaugnayan sa:

- Pamamahala sa kalamidad
- Pagtukoy at pagtatasa ng mga panganib
- Pagbuo ng mga plano para sa paghahanda at pagtugon sa kalamidad
- Pagbuo ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib sa kalamidad
- Pagbibigay ng edukasyon at kamalayan sa publiko tungkol sa pag iwas sa panganib ng kalamidad
- Pagtalakay sa iba pang paksa ukol sa pamamahala at pagtugon sa sakuna

**ALITUNTUNIN BLG. XIX
ANG KATITIKAN**

SEKSYON 1 - Ang Sanggunian, sa pamamagitan ng Kalihim ay magtatala ng mga kaganapan sa pulong sa pamamagitan ng katitikan.

SEKSYON 2 - Ang Katitikan ng nakaraang pulong ay isusumite ng Kalihim sa Sanggunian sa susunod na pulong, isasagawa ang pagtutuwid o pagtutugma at kukupkupa matapos ang pagtutuwid o pagtutugma. Ang pagsasaalang-alang ng katitikan ay hindi maaring ipagsawalang bahala, subalit ito ay maaring ipagpaliban sa makatarungang dahilan.

SEKSYON 3 - Ang katitikan ay magtataglay ng mga sumusunod na Impormasyon:

- a. Lugar, araw at oras ng pulong
- b. Kung ito ay pangkaraniwan o di pangkaraniwan
- c. Pangalan ng mga kasaping dumalo at di dumalo
- d. Pagpapasiya sa Katitikan noong nakaraang pulong kasama na ang pagtutuwid o pagtutugmang ginawa, pangalan ng mga kumukupkop sa katitikan at iyong hindi mga kumukupkop, kung mayroon.

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. ESMEERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

- e. Buong nilalaman ng bawat kapasiyahan o kautusang kinukupkop o isinagawa
- f. Maikling opinyon ng minoriya, kung mayroon.
- g. Ang lahat ng sang-ayon at di sang-ayon, at kung ang botohan ay sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan, ang pangalan ng mga bumoto ng sang-ayon at ng di sang-ayon.
- h. Lahat ng mungkahing panukala, maliban sa panukalang binawi o iniatras.
- i. Ang kabuuang pagsasawalang bisang mensahe (Veto) ng Punong Bayan, kung mayroon.
- j. Oras ng itindig ang pulong.

SEKSYON 4 - Paglagda sa Katitikan

- a. Ang orihinal na katitikan, matapos na ito ay maituwid o maitugma, ay maaaring lagdaan ng pagtutuwid o pagtutugma sa gilid ng parapong kanyang itinuwid.
- b. Ang malinis na sipi ng orihinal, kasama na ang pagtutuwid, ay lagdaan ang bawat pahina ng mga kasaping kumukupkop nito, pati na ng Tagapangulo at ng Kalihim.

SEKSYON 6 - Ang Sinipi

- a. Ang sinipi sa katitikan ay ang mga kapasiyahan / ordinansang pinagtibay ng sanggunian.
- b. Sa kapasiyahan / ordinansang may naganap na paghahati ng hapag, sa ilalim nito ay tutukuyin at itatala ang mga kasapi ng Sanggunian na dito ay lumiban, sumang-ayon, di sumang-ayon at nag-abstain.
- c. Ang sinipi sa katitikan ay patutunayang totoo at tugma ng Kalihim at ng Tagapangulo.

**ALITUNTUNIN BLG. XX
ALITUNTUNIN SA DISIPLINA**

SEKSYON 1 - Sinumang kasapi ng Sanggunian Bayan na lumabag sa Alituntuning Panloob na ito ay lalapatan ng kaparusahan batay sa alituntuning nilabag, tulad ng mga sumusunod:

- a. Paglabag sa Alituntunin Blg. IX,
Seksyon 1 - pagkakauhli sa takdang oras:
 - Lampas ng 1/2 oras (30 min.) - P 200.00
 - Lampas ng 1 oras - Ituturing na hindi nakadalo
- b. Paglabag sa Alituntunin Blg. IX, Seksyon 11-
Pagdalo nang wala sa tamang kasuotan - P 150.00
- c. Paglabag sa Alituntunin Blg IV, Seksyon 3 -
Ang hindi pagdalo pagliban sa anumang pulong
(Karaniwan, Di-Karaniwan o pulong ng lupon)
at itinakdang araw ng paggigil sa Sang. Bayan
 - Kung makatarungan ang dahilan - may sakit malubhang sakit ng kaanak o nasa lakad- opisyal na may pahintulot ang Tagapangulo at may pasabi - Walang multa
 - Kahit makatarungan ang dahilan ngunit walang pasabi - P500.00
 - May pasabi ngunit hindi makatarungan ang dahilan (Ang pasabi ay ipapaabot sa Kalihim at kawani ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan - P500.00
 - Apat (4) na sunud-sunod na hindi pagdalo - P500.00 bawat isang pagliban at maaaring ipaharap ang pang - pangasiwaang-sumbong batay sa Art. 124 (b) RRI RA 7160

SEKSYON 2 - Ang Lupon sa Alituntunin at Pribilehiyo ang siyang kikilala sa lahat ng paglabag sa mga alituntuning nakasaad dito na nagawa ng sinumang kasapi ng Sanggunian ito, kasama ang Tagapangulo. Uumpisahan nila ang kaukulang pang-disiplinang hakbang sa pamamagitan ng paglalahad ng paglabag sa Alituntunin ng isang kasapi. Magsusumite sila ng ulat upang maisaalang-alang ng Sanggunian sa kanyang kabuuan

Kung sakaling ang isang kasapi ng Lupon sa Alituntunin ang siyang pinananagot na nagkasala, pipili ang Tagapangulo ng taga-halili niya upang makumpleto ang lupon, sa pasubali na ang pinalitang kasapi ay makagaganap pa rin sa ibang gawain ng lupon.

KG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad



Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz



SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SEKSYON 3 - Ang Kalihim ang kukulekta ng lahat ng multa at siya ang magtatago nito bilang "Revolving Fund". Ang Sanggunian ang magpapasya kung paano ito gagastusin.

SEKSYON 4 -Ibibigay ng boluntaryo ang kaukulang multa sa susunod na karaniwang pulong ng Sangguniang Bayan sa kinauukulang kasapi na lumabag sa alituntunin

**ALITUNTUNIN BLG. XXI
PAGSUSUSOG**

SEKSYON 1 - Ang alituntuning Panloob na ito ay maaaring baguhin o susugan sa pamamagitan ng dalawang-katlong (2/3) boto ng lahat ng kasapi ng Sanggunian sa alin mang karaniwang pulong o sa pasubali na may paunang pasabi sa lahat ng kasapi ng Sanggunian ng panukalang pagbabago o pagsususog; sa pasubali pa rin, na hindi maaring baguhin o susugan ang alinmang tuntunin nito na ang pinagbatayan ay ang itinakda ng umiral na batas.

**ALITUNTUNIN BLG. XXII
KARAGDAGANG ALITUNTUNIN**

SEKSYON 1 - Ang mga Alituntunin, Pamamaraan at Pang-pagpupulong na gawi ng Kongreso ng Pilipinas na hango sa aklat ni G. Reverendo Dihan na may pamagat na "Hand book on Local Legislation" Revised Edition ay maaaring gamitin bilang karagdagang otoridad ng Sanggunian, sa pasubali na hindi ito taliwas sa alituntunin at pamamaraan na kinukupkop dito

**ALITUNTUNIN BLG. XXIII
PAGKAKABISA**

SEKSYON 1 - Ang Alituntuning Panloob na ito ay magkakabisa matapos ito ay pagtibayin at kupkupin ng Sangguniang Bayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito ang Kagatang-galang Punong Bayan, Kagalang-galang Pangalawang Punong Bayan, at ang mga Kagalang-galang Kagawad ng Sangguniang Bayan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang pagpapasiya

PINAGTITIBAY: Setyembre 15, 2025

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan ito.

AMYCAR O. SANTOS

Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.
Kagawad

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. LAARNI A. MALIBIRAN
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo